

Patakaran sa Privacy

Nagbago kamakailan ang aming Patakaran sa Privacy para sa Medicare Mental Health Check In. In-update namin ang patakarang ito noong 14 Mayo 2026 upang ipakita ang aming paglabas ng Suportang Sariling Gabay. Kasama sa mga update ang mga pagbabago sa:

- kung paano namin kinokolekta ang impormasyon tungkol sa iyo sa Suportang Sariling Gabay;
- kung anong personal na impormasyon ang maaari naming kolektahin bilang bahagi ng Suportang Sariling Gabay;
- ang iyong mga opsyon para sa paggamit ng Suportang Sariling Gabay nang hindi nagpapakilala o sa pamamagitan ng isang di-tunay na pangalan;
- kung kanino namin maaaring ibunyag ang iyong personal na impormasyon; at
- iba pang pangkalahatang probisyon upang ipakita ang aming mga na-update na pamamaraan bilang bahagi ng Sariling Gabay na Suporta.

Basahin ang na-update na Patakaran sa Privacy sa ibaba.

Bagama't inirerekomenda naming basahin ang buong bersyon ng Medicare Mental Health Check In Privacy Policy, available rin ang isang [buod](#).

Medicare Mental Health Check In Patakaran sa Privacy

1. Ano ang Patakaran sa Privacy na ito?

-
- a. Ang **St Vincent's Health Australia Limited** ABN 75 073 503 536 (**SVHA**) na nasa Level 22, 100 William Street, Woolloomooloo NSW 2011 (**SVHA**, **kami**, **amin** at **aming**) ay nagbibigay ng Medicare Mental Health Check In (ang **Serbisyo**), isang libreng digital na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan. Ang Medicare Mental Health Check In ay nagbibigay ng libreng suporta sa mga taong nanganganib sa, o nakakaranas, banayad na sakit sa pag-iisip o pansamantalang pagkabalisa, upang makakuha sila ng tamang suporta kapag kailangan nila ito.
 - b. Ang Serbisyo ay binubuo ng:
 - i. isang hanay ng pangkalahatang impormasyon para sa mga naghahanap ng tulong, at kanilang mga pamilya, tagapag-alaga at mga tagasuporta, upang matulungan silang maunawaan at mapamahalaan ang kanilang kalusugang pangkaisipan at kabutihang pangkaisipan (ang **Pangkalahatang Nilalaman**). Ang nasabing impormasyon ay magagamit ng lahat ng mga user nang hindi na kailangang gumawa ng account para sa Serbisyo; at
 - ii. ang kakayahan para sa mga karapat-dapat na user na gumawa ng account, at gumamit ng mga mapagkukunan na sariling gabay para sa kanilang sariling paggamot (tinutukoy namin ito bilang **Suportang Sariling Gabay**), o tumanggap ng paggamot sa pamamagitan ng payo at mga serbisyo ng suporta mula sa

Mental Health Check In

aming mga klinikal na kawani (sa pamamagitan ng telepono, video o iba pang paraan na maaari naming gawing available) (tinutukoy namin ito bilang **Suportang Ginagabayan**); at

- iii. isang online na form na maaari mong gamitin upang magbigay ng feedback sa amin.
- c. Kasabay ng Serbisyo, nagbibigay kami ng website sa www.medicarementalhealthcheckin.gov.au (ang **Website**).
- d. Ang Serbisyo at ang Website ay ginagawang available sa pamamagitan ng pondong ibinibigay ng Pamahalaan ng Australia sa pamamagitan ng Department of Health, Disability and Ageing (ang **Departamento**).
- e. Ang Serbisyo at Website ay inilaan lamang para sa mga user na naninirahan sa Australia.
- f. Ang SVHA ay nakatali sa *Privacy Act 1988* (Cth) (ang **Privacy Act**) at ang mga kinakailangan ng Australian Privacy Principles (**APPs**) sa Schedule 1 ng Privacy Act. Kami ay nakatali rin sa mga nauugnay na batas sa rekord pangkalusugan ng Estado kung naaangkop. Sa ilalim ng APP 1, kinakailangan naming magkaroon ng Patakaran sa Privacy tungkol sa kung paano namin pinangangasiwaan ang personal na impormasyon.
- g. Ipinaliliwanag ng Patakaran sa Privacy na ito kung paano namin kinokolekta, ginagamit at ibinubunyag ang iyong personal na impormasyon (kabilang ang iyong sensitibong impormasyon) kapag gumawa ka ng account at ginamit ang Serbisyo o ang aming Website. Ipinaliliwanag din nito kung paano ka makakapaghain ng reklamo sa privacy at kung paano namin ito aasikasuhin. Ang Patakaran sa Privacy na ito ay hindi tumatalakay sa paghawak ng SVHA sa personal na impormasyon sa labas ng mga user ng Serbisyo o Website, mangyaring tingnan ang aming [general privacy policy](#) para sa naturang impormasyon (kabilang ang kung ikaw ay isang practitioner na kinuha ng SVHA upang ibigay ang Serbisyo).
- h. Ginagawa naming available ang Patakaran sa Privacy na ito nang walang bayad. Kung kailangan mo ang patakarang ito sa isang alternatibong format para sa mga dahilan ng accessibility, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang mga detalyeng nakasaad sa seksyon 13 sa ibaba.

2. Mga Pagbabago sa Patakaran sa Privacy na ito

-
- a. Maaari naming baguhin ang Patakaran sa Privacy na ito paminsan-minsan. Magpapakita kami ng abiso sa aming Website sa loob ng hindi bababa sa 30 araw, na nagpapahiwatig kung kailan ginawa ang anumang mga rebisyon. Ang Patakaran sa Privacy na ito ay huling na-update noong 14 Mayo 2026.
 - b. Kung ikaw ay gumawa at nagpapanatili ng isang account, at gumawa kami ng makabuluhang pagbabago sa serbisyo na nakakaapekto sa kung paano pinangangasiwaan ang iyong personal na impormasyon (kabilang ang kung ang Serbisyo ay huminto sa operasyon o nagbago ng operator o pagmamay-ari), bibigyan ka namin ng abiso bilang karagdagan sa pag-update sa Patakaran sa Privacy na ito.

3. Ano ang personal na impormasyon, impormasyong pangkalusugan at sensitibong impormasyon

- a. Ang **Personal na impormasyon** ay impormasyon o opinyon tungkol sa isang indibidwal, o isang indibidwal na makatwirang matutukoy, totoo man o hindi at nakatala man sa materyal na anyo o hindi.
- b. Ang **Sensitibong impormasyon** ay isang subset ng personal na impormasyon at kinabibilangan ng impormasyon o opinyon tungkol sa lahi o etnikong pinagmulan ng isang indibidwal, mga opinyong pampulitika, paniniwala o kaanib sa relihiyon, paniniwalang pilosopikal, oryentasyong sekswal o mga gawain, rekord ng kriminal, impormasyong pangkalusugan, impormasyong henetiko, at impormasyong biyometriko o mga template.
- c. Ang **Impormasyong pangkalusugan** ay isang subset ng sensitibong impormasyon at kinabibilangan ng impormasyon o opinyon tungkol sa pisikal o kalusugang pangkaisipan ng isang indibidwal, kapansanan, o ang mga serbisyong pangkalusugan na ibinigay sa kanila.
- d. Sa Patakarang sa Privacy na ito, ang mga pagtukoy sa personal na impormasyon ay kinabibilangan ng sensitibong impormasyon at impormasyong pangkalusugan.

4. Di-pagkakakilanlan

- a. Kung saan praktikal at ayon sa batas, magkakaroon ka ng opsyon na makipag-ugnayan sa SVHA nang hindi nagpapakilala o sa pamamagitan ng paggamit ng di-tunay na pangalan. Halimbawa, maaari mong:
 - i. i-access at gamitin ang Pangkalahatang Nilalaman, at ilang iba pang bahagi ng aming Website na ginawang available sa publiko sa pangkalahatan, nang hindi na kailangang gumawa ng account o mag-log in. Maaari kaming gumamit ng teknolohiya upang subaybayan ang iyong paggamit sa aming Website (gaya ng karagdagang inilarawan sa mga seksyon 5 at 6 sa ibaba), ngunit hindi namin susubukang tukuyin ang iyong pagkakakilanlan kapag ginagawa ito maliban kung gumawa ka ng account sa amin at naka-log in, o pinapayagan o kinakailangan kami ng batas na gawin ito;
 - ii. magbigay sa amin ng feedback sa pamamagitan ng aming online na form ng feedback sa Website gamit ang isang di-tunay na pangalan. Gayunpaman, kailangan mo ng wastong email address upang gawin ito, at maaaring posible na matukoy ang iyong pagkakakilanlan mula sa iyong email address. Gayunpaman, hindi namin susubukang gamitin ang iyong email address upang tukuyin ang iyong pagkakakilanlan, maliban kung pinapayagan o kinakailangan kami ng batas na gawin ito; at

- iii. kung hindi man ay makipag-ugnayan sa amin para sa mga pangkalahatang layunin nang hindi nagpapakilala o gamit ang isang di-tunay na pangalan. Gayunpaman, maaaring hindi namin ganap na matugunan ang anumang naturang pakikipag-ugnayan kung kailangan namin ang iyong personal na impormasyon upang gawin ito.
- b. Hindi ka pinapayagang gumawa ng account upang gamitin ang aming Suportang Sariling Gabay o Suportang Ginagabayan nang hindi nagpapakilala, dahil kailangan naming matukoy ang mga user ng aming Suportang Sariling Gabay at Suportang Ginagabayan kabilang ang kung mayroon kaming klinikal na pangangailangan na gawin ito. Gayunpaman, maaari mo ring magbigay sa amin ng isang ginustong pangalan (na maaaring isang pseudonym), na gagamitin para sa karamihan ng mga pakikipag-ugnayan sa iyo.

5. Pagkolekta ng personal na impormasyon

- a. Maaari kaming magkolekta ng personal na impormasyon mula sa o tungkol sa iyo:
 - i. kapag ginamit mo ang aming Website (tingnan ang mga seksyon 4(b)(i) at 6 para sa karagdagang impormasyon);
 - ii. kung isasagawa mo ang aming mga proseso ng pagtatasa upang kumpirmahin na ikaw ay Suportang Sariling Gabay at/o Ginagabayan, na maaaring isagawa sa pamamagitan ng Website o sa pamamagitan ng iba pang paraan kabilang ang telepono, online at nakasulat na komunikasyon (kabilang ang email at mga text message);
 - iii. kapag gumawa ka ng account sa amin;
 - iv. kapag ginamit mo ang aming Suportang Sariling Gabay;
 - v. kapag ginamit mo ang aming Suportang Ginagabayan, gaya ng sa pagtawag, video at nakasulat na komunikasyon (kabilang ang email at mga text message);
 - vi. kung ikaw ay hinirang bilang isang taong sumusuporta ng isang user ng Serbisyo, sa oras na hirangin ka ng user bilang kanilang taong sumusuporta o kapag dumalo ka sa isang sesyon ng Suportang Ginagabayan kasama ang isang user;
 - vii. kung ikaw ay hinirang bilang isang emergency contact ng isang user ng Serbisyo, sa oras ng nominasyong iyon;
 - viii. kung tumugon ka sa mga survey tungkol sa iyong paggamit ng Serbisyo;
 - ix. kapag nakipag-ugnayan ka sa amin sa anumang paraan, gaya ng sa pamamagitan ng feedback form sa aming Website, telepono, email, social media, koreo, o nang personal; at
 - x. kapag ang isang provider ng pangangalagang pangkalusugan (halimbawa ay isang GP, espesyalista, community health centre, ospital, serbisyo ng Medicare Mental Health o iba pang provider na may kaugnayan sa kalusugan) ay nagbigay ng impormasyong ito sa amin (kabilang ang bilang bahagi ng proseso ng pag-refer o pagrerekomenda ng iyong pakikilahok sa Serbisyo).

Mental Health Check In

- b. Kabilang sa mga uri ng personal na impormasyon na maaari naming kolektahin at hawakan ay:
 - i. kapag na-access at ginamit mo ang aming Website, itatala at ilo-log namin ang ilang impormasyon tungkol sa nasabing pag-access at paggamit, kabilang ang iyong IP address, petsa at oras ng iyong pagbisita, ang mga bahagi ng aming Website na ina-access mo sa panahon ng iyong pagbisita, ang iyong mga aksyon sa aming Website, at ang browser na iyong ginagamit. Kung nakagawa ka ng account at naka-log in, ang impormasyong ito ay maaaring iugnay sa iyo;
 - ii. kung ikaw ay na-refer sa amin ng isa pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, kokolektahin at hahawakan namin ang impormasyong natatanggap namin bilang bahagi ng referral na iyon kabilang ang iyong pangalan, address, emergency contact o susunod na kamag-anak, at ang iyong general practitioner. Mangyaring makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan bago sila gumawa ng nasabing referral kung nais mong mas maunawaan kung anong impormasyon ang kanilang kinokolekta at ibinubunyag sa amin. Kung papayagan mo ang isa pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na i-refer ka sa amin, ipagpapalagay namin na mayroon kaming iyong pahintulot na kolektahin ang impormasyong ibinabahagi sa amin ng provider ng pangangalagang pangkalusugan bilang bahagi ng referral na iyon;
 - iii. kung gagawa ka ng account, maaari naming kolektahin ang:
 - A. iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, at mga detalye ng pakikipag-ugnayan gaya ng iyong email address at numero ng telepono; at
 - B. impormasyon na maaari mong opsyonal na piliing ibigay, gaya ng iyong pagkakakilanlan ng kasarian, at ilang iba pang impormasyon tungkol sa demograpiko at etnisidad;
 - iv. kung gagamitin mo ang aming Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan (pagkatapos makagawa ng account), maaari kaming mangolekta ng personal na impormasyon (kabilang ang impormasyon sa kalusugan at sensitibong impormasyon) na ibinibigay mo, o na natatanggap namin o kung hindi man ay nabubuo namin, kaugnay ng iyong paggamit ng Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan. Maaaring kabilang dito ang impormasyong kailangan namin upang mapadali ang pagbibigay ng Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan sa iyo, at impormasyon tungkol sa iyong paggamit, progreso sa, at mga resulta mula sa Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan. Maaaring kabilang dito ang pangongolekta ng personal na impormasyon gaya ng iyong kasaysayan ng kalusugan, kasaysayan ng pamilya, mga nakaraan at kasalukuyang gamutan, mga salik sa pamumuhay, mga sintomas at pangangalaga, at iba pang impormasyon na tumutulong sa aming klinikal na kawani na magbigay ng angkop na pangangalaga. Ang nasabing impormasyon ay maaaring makuha sa mga nakasulat na tugon at impormasyon, at gayundin sa pamamagitan ng mga kaugnay na tala na maaari naming gawin. Maaari naming itala sa aming mga system ang anumang kaugnay na impormasyon na ibinibigay sa amin kaugnay ng aming Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan. Sa kurso ng pagbibigay ng Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan, maaari rin kaming mangolekta ng pangalan at mga detalye ng pakikipag-ugnayan ng iyong emergency contact, susunod na kamag-anak, at iyong general practitioner. Kadalasan ay nasa iyong kontrol kung

anong personal na impormasyon ang pipiliin mong ibigay sa amin kapag ginagamit ang aming Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan, gayunpaman, ang mga nasabing pagpili ay maaaring makaapekto sa aming kakayahang magbigay ng angkop na pangangalaga at sa mga benepisyong makukuha mo mula sa Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan. Maaari mong piliing itigil ang paggamit ng Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan anumang oras, at maaaring magpatuloy sa paggamit ng Pangkalahatang Nilalaman, bagaman tingnan ang seksyon 8 para sa kaugnay na impormasyon tungkol dito;

- v. kung ikaw ay hinirang bilang isang support person o emergency contact ng isang user ng Serbisyo, maaari naming kolektahin ang iyong pangalan, mga detalye ng contact (kung ibinigay) at ang katotohanan na ikaw ay dumalo sa mga session ng Suportang Ginagabayan kasama ang user. Hindi ka kinakailangang gumawa ng account para sumali sa mga session ng Suportang Ginagabayan bilang isang support person, at sa pangkalahatan ay hindi kami nangongolekta ng iba pang personal na impormasyon kaugnay ng mga support person maliban kung naniniwala kaming klinikal na kinakailangang gawin ito, o kung kusa mong ibibigay ang naturang impormasyon; at
 - vi. kung magbibigay ka sa amin ng feedback sa pamamagitan ng online feedback form sa aming Website, kokolektahin namin ang iyong mga detalye ng contact (na maaaring makatukoy sa iyo, halimbawa, kung ang iyong buong pangalan ay kasama sa iyong email address).
- c. Maaari mo ring kusang ibigay sa amin ang iba pang personal na impormasyon. Sa mga ganitong pagkakataon, maaari naming sirain o i-de-identify ang personal na impormasyon kung mabubuo namin ang pananaw na kinakailangan naming gawin ito sa ilalim ng Privacy Act.

6. Mga cookie, pagsubaybay at analytics

-
- a. Ang isang 'cookie' ay isang maliit na data file na inilalagay sa iyong machine o device na nagpapahintulot sa amin na tukuyin at makipag-ugnayan nang mas epektibo sa iyong computer. Pinapayagan ng mga cookie ang nilalaman sa aming mga Website na mag-load at gumana ayon sa nilalayan kapag na-access mo ang mga ito. Pinapayagan din nila kaming subaybayan ang mga istatistika sa paggamit ng aming mga website. Tinutukoy ng mga cookie ang iyong internet service provider at uri ng browser. Ang mga cookie ay pamantayan sa industriya at ginagamit ng karamihan sa mga website.
 - b. Maaaring gumamit ang aming Website ng mga cookie, web beacon, at mga katulad na teknolohiya upang mapabuti ang functionality, subaybayan ang performance, at maunawaan ang mga pattern ng paggamit. Maaari kaming gumamit ng mga serbisyo ng analytics at magbahagi ng anonymised o pinagsama-samang impormasyon sa mga tagapagbigay ng serbisyo para sa mga layuning ito. Kung gagamitin mo ang aming Website, ang ilang impormasyon tungkol sa iyong mga pakikipag-ugnayan sa aming Website ay maaaring kolektahin sa pamamagitan ng paggamit ng mga tool na ito. Halimbawa, maaari naming subaybayan ang pangkalahatang paggamit ng Website gamit ang web-analytics gaya ng mga page view.

- c. Maaari mong pamahalaan ang mga kagustuhan sa cookie o i-disable ang mga cookie sa pamamagitan ng iyong mga setting ng browser at pag-clear ng data ng iyong browser. Karamihan sa mga browser ay nakatakda bilang default na tumanggap ng mga cookie. Kung hindi mo nais na makatanggap ng anumang cookie, maaari mong itakda ang iyong browser na mag-prompt sa iyo kung nais mong tumanggap ng mga cookie sa isang partikular na site, o sa pamamagitan ng default na pag-reject sa mga cookie. Pakitandaan na ang pag-reject sa mga cookie ay maaaring mangahulugan na ang ilan o lahat ng mga function sa aming Website, kabilang ang access sa Suportang Sariling Gabay at Suportang Ginagabayanay hindi magiging available sa iyo.

7. Mga layunin kung bakit namin pinoproseso ang personal na impormasyon

Sa pangkalahatan, kinokolekta, iniingatan, ginagamit, at ibinubunyag namin ang personal na impormasyon upang:

- a. bumuo, magbigay, magsubaybay, at magpahusay sa Serbisyo, sa Website, at mga kaugnay na newsletter at iba pang publikasyon;
- b. magbigay sa iyo ng mga update at iba pang komunikasyon kaugnay ng Serbisyo at Website (tingnan ang seksyon 8 sa ibaba para sa karagdagang impormasyon);
- c. tumugon sa mga katanungan at reklamo;
- d. sumunod sa aming mga obligasyon sa ilalim ng aming kontrata sa Departamento;
- e. subaybayan, imbestigahan, at magsagawa ng aksyon kaugnay ng kahina-hinalang aktibidad, kabilang ang anumang aktwal o pinaghihinalang hindi awtorisadong paggamit ng Serbisyo o ng Website;
- f. patakbuhan at pamahalaan ang aming negosyo, kabilang ang pamamahala ng panganib (kabilang ang klinikal na panganib), pagsasagawa ng mga audit, pagsasagawa ng mga proseso ng akreditasyon, pamamahala ng mga legal na claim at mga obligasyon sa pagsunod, at pagsasanay at katiyakan ng kalidad; at
- g. gaya ng kung hindi man ay kinakailangan o pinahihintulutan ng batas.

8. Mga komunikasyon at pag-opt out

- a. Kung naibigay sa amin ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan, maaari kaming magpadala sa iyo ng mga komunikasyon kaugnay ng pagbibigay ng Suportang Sariling Gabay at/o Suportang Ginagabayan na itinuturing naming angkop para sa ligtas at epektibong paghahatid ng Serbisyo (halimbawa, maaari kaming magpadala sa iyo ng mga paalala sa pagpaparehistro at sesyon, suriin ang iyong progreso, o magmungkahi ng pag-akyat sa isa pang angkop na kwalipikadong healthcare provider). Hindi ka maaaring mag-opt out sa mga komunikasyong may kaugnayan sa serbisyong ito.

Mental Health Check In

- b. Maaari ka naming anyayahan na lumahok sa opsyonal at karagdagang mga aktibidad sa pagsusuri at pananaliksik na may kaugnayan sa Mga Serbisyo, na maaaring nasa isang makikilalang batayan, sa lawak na ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnay, tulad ng pangalan at email address, ay maaaring magamit upang ipaalam sa iyo ang pagkakataong ito. Ang iyong pakikilahok sa anumang naturang pagsusuri at mga aktibidad sa pananaliksik ay ganap na boluntaryo. Ang mga aktibidad sa pagsusuri at pananaliksik na ito ay maaaring patakbuin ng mga third party na nakikipag-ugnayan sa Departamento, kung saan:
 - i. hindi kami responsable sa mga kasanayan sa privacy ng mga third party na iyon, sa halip ang Departamento ang nakikipagkontrata sa mga ikatlong partido na iyon at nagpapataw ng mga paghihigpit sa kanilang paghawak sa personal na impormasyong natatanggap nila. Hinihikayat ka naming suriin ang patakaran sa privacy at mga pagsisiwalat ng anumang naturang third party sa naaangkop na oras ng pag-opt-in na pahintulot sa mga third party; at
 - ii. Kung pipiliin mong lumahok sa mga aktibidad na ito, maaari naming ibunyag ang ilang personal na impormasyon tungkol sa iyo sa mga third party na iyon, tulad ng inilarawan sa oras na inaanyayahan ka namin o pagkatapos ay nagbibigay ka ng iyong pahintulot. Magkakaroon ng follow-up na email na ipapadala sa mga naghahanap ng tulong upang aktibong mag-opt-in sa (matutukoy na) mga aktibidad sa pagsusuri ng mga third party.
- c. Magpapadala lamang kami ng iba pang mga komunikasyon kaugnay ng Serbisyo (halimbawa, mga newsletter o mga update sa Serbisyo) kung ikaw ay nag-opt in upang matanggap ang mga ito. Kung magpasya ka sa hinaharap na hindi mo nais makatanggap ng mga ganitong komunikasyon mula sa amin, maaari kang mag-opt out anumang oras sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa komunikasyon o pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang mga detalyeng nakasaad sa seksyon 13 sa ibaba.
- d. Maaari mong bawiin anumang oras ang anumang pahintulot na maaaring ibinigay mo sa amin kaugnay ng iyong personal na impormasyon, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gaya ng inilarawan sa seksyon 13 sa ibaba. Kung babawiin mo ang isang pahintulot na may kaugnayan sa pagbubunyag ng iyong personal na impormasyon sa isang third party, ititigil namin ang pagbabahagi ng impormasyon sa third party na iyon. Gayunpaman, maaaring hindi namin magawang ipatigil sa third party na iyon ang paggamit o pagbura sa iyong personal na impormasyon na naibunyag na namin sa kanila, lalo na kung ang personal na impormasyong iyon ay naisama na sa mga data set na ginagamit para sa pananaliksik o pagsusuri dahil ang mga data set ay hindi iuugnay sa iyong personal na impormasyon.
- e. Kung suspindehin o tatapusin namin ang iyong access sa at paggamit ng Serbisyo, o ititigil mo ang paggamit ng Serbisyo o hilingin sa amin na burahin ang iyong account:
 - i. maaari pa rin naming panatilihin at gamitin ang iyong personal na impormasyon gaya ng pinahihintulutan o kinakailangan ng batas; at
 - ii. maaari pa rin naming subukang makipag-ugnayan sa iyo kung saan pinahihintulutan o kinakailangan ng batas, kabilang ang bilang bahagi ng aming mga protocol sa pamamahala ng panganib gaya ng kung saan makatwiran

naming naniniwala na kinakailangan ito upang bawasan o pigilan ang isang seryosong banta sa buhay, kalusugan o kaligtasan mo o ng sinumang iba pang indibidwal, o sa kalusugan o kaligtasan ng publiko.

9. Pagbubunyag ng iyong personal na impormasyon

- a. Maaari naming ibunyag ang iyong personal na impormasyon sa mga third party kabilang ang:
 - i. sa aming mga tagapagbigay ng serbisyo (kabilang ang mga propesyonal na tagapayo) na kinuha upang magbigay ng mga produkto o serbisyo sa amin (kabilang ang mga produkto o serbisyo na tumutulong sa amin sa pagbibigay ng Serbisyo at ng aming Website);
 - ii. sa mga medikal at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na kasangkot sa iyong pangangalaga, gaya ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na nag-refer sa iyo sa Serbisyo;
 - iii. sa mga tao gaya ng isang tagapag-alaga o kapamilya na maaari mong piliing isali sa iyong paggamit ng Suportang Ginagabayan;
 - iv. sa sinumang pinahintulutan mo na tumanggap ng iyong personal na impormasyon, na maaaring kabilang ang iba pang serbisyong pangkalusugan na pinag-referan namin sa iyo o ang iyong mga kasalukuyang provider ng pangangalagang pangkalusugan (ang iyong pahintulot ay maaaring hayag o ipinahiwatig) at mga third party na tinutukoy sa seksyon 8(b) sa itaas;
 - v. sa mga serbisyo sa krisis o serbisyong pang-emergency nang may pahintulot mo o kung saan makatwiran naming naniniwala na kinakailangan ito upang bawasan o pigilan ang isang seryosong banta sa buhay, kalusugan o kaligtasan mo o ng sinumang indibidwal, o sa kalusugan o kaligtasan ng publiko; at
 - vi. gaya ng kung hindi man ay kinakailangan o pinahihintulutan ng batas.
- b. Gaya ng nabanggit sa seksyon 1 sa itaas, ang Serbisyo at Website ay ginawang available sa pamamagitan ng pondo na ibinigay ng Pamahalaan ng Australia sa pamamagitan ng Departamento. Mahalagang maunawaan na sa ilalim ng aming kontrata sa Departamento:
 - i. maaari kaming obligahin na ibunyag ang iyong personal na impormasyon sa Departamento o sa iba't ibang tao paminsan-minsan, kabilang ang:
 - A. sa pamamagitan ng paglilipat ng iyong impormasyong pangkalusugan sa isa pang service provider ng kalusugan kapag inutusan kaming gawin ito ng Departamento, hangga't ang pagsunod sa naturang utos ay hindi labag sa anumang naaangkop na batas;
 - B. bilang bahagi ng aming mga proseso sa pamamahala ng reklamo, sa kondisyon na obligadong ilabas lamang namin ang personal na impormasyon sa Departamento tungkol sa iyo bilang isang nagrereklamo nang may pahintulot mo maliban kung pinahihintulutan ng batas;

- C. bilang bahagi ng aming mga obligasyon sa pag-uulat, pag-audit, at pag-access sa ilalim ng kontratang iyon; at
 - D. kaugnay ng paggamit ng Kagawaran ng iba't ibang karapatan sa ilalim ng kontratang iyon, gaya ng pag-utos sa amin na sumunod sa mga tagubilin ng Kagawaran at ang paggamit ng Kagawaran ng mga karapatan nito sa step-in; at
- ii. sa pagtatapos ng aming kontrata sa Kagawaran, maaari naming ilipat ang iyong personal na impormasyon sa Kagawaran o sa itinalaga nito kaugnay ng paglilipat ng pagbibigay ng Serbisyo at Website sa kanila. Maaari kaming magpatuloy na magtago ng mga kopya ng iyong personal na impormasyon pagkatapos ng pagbubunyag sa Kagawaran o sa itinalaga nito kung kinakailangan ng batas o kung hindi man ay pinahihintulutan sa ilalim ng aming kontrata sa Kagawaran. Kung ikaw ay gumawa ng account at inilipat namin ang iyong personal na impormasyon sa Kagawaran o sa itinalaga nito kaugnay ng paglilipat ng pagbibigay ng Serbisyo at Website sa kanila, kami ay, kung saan pinahihintulutan ng batas at ng aming kontrata sa Kagawaran, magbibigay sa iyo ng abiso tungkol sa nasabing paglilipat.
- c. Maaaring gamitin ng Kagawaran ang personal na impormasyong ibinubunyag namin dito upang suriin kung kami ay sumusunod sa aming mga obligasyon, pamahalaan ang mga reklamo (ngunit, hangga't kami ay nagbibigay ng Serbisyo, kung saan pumayag lamang ang nagrereklamo sa pagpapalabas ng kanilang personal na impormasyon sa Kagawaran), gamitin ang mga karapatan nito sa ilalim ng kontrata nito sa amin, at kunin ang responsibilidad para sa pagbibigay ng Serbisyo at Website. Maaari ring gamitin ng Kagawaran ang data upang magsagawa o mag-commission ng pagsusuri upang suriin kung nakakamit ng Serbisyo ang mga layunin nito, o upang i-link ito sa mga pambansang asset ng data na nagpapahintulot sa mga aprubadong proyekto ng pananaliksik na maisagawa gamit ang de-identified na data (gaya ng Person Level Integrated Data Asset (PLIDA) at ang Business Longitudinal Analysis Data Environment (BLADE) na pinapatakbo ng Australian Bureau of Statistics, o ang National Health Data Hub (NHDH) na pinapatakbo ng Australian Institute of Health and Welfare. Maaari ring gamitin ng Kagawaran ang de-identified na impormasyon para sa mga layuning inilarawan sa talata (e) sa ibaba.
- d. Ang aming kontrata sa Kagawaran ay maaaring ilipat sa anumang iba pang Commonwealth Entity (gaya ng terminong tinukoy sa *Public Governance, Performance and Accountability Act 2013* (Cth)), awtoridad o entity na nagmumula sa o kaugnay ng isang restructure (hal. isang pagbabago sa makinarya ng gobyerno) o ayon sa itinatadhana ng batas. Ang isang sanggunian sa Patakarang ito sa Privacy sa **Kagawaran** ay kinabibilangan ng anumang entity o awtoridad kung kanino inililipat ang aming kontrata.
- e. Maaari kaming o maaaring gawin ng Kagawaran na i-de-identify ang iyong personal na impormasyon, at gamitin at ibunyag ito para sa iba't ibang layunin. Maaaring kabilang dito ang pagpapabuti sa Serbisyo at sa aming Website, para sa pagsisiguro ng kalidad at pagsusuri ng Serbisyo, at para sa mga layuning medikal na pananaliksik at pagsasanay.

- f. Iniimbak namin ang personal na impormasyon sa Australia, at hindi namin karaniwang ibinubunyag ang iyong personal na impormasyon sa mga tatanggap sa ibang bansa. I-update namin ang Patakaran sa Privacy na ito kung magbago ang aming mga kasanayan sa bagay na ito.

10. Paano namin iniingatan ang iyong personal na impormasyon

- a. Ang iyong personal na impormasyong hawak namin ay pangunahing iniimbak sa elektronikong anyo. Maaaring may mga pagkakataon na ang iyong personal na impormasyon ay iniimbak sa anyong hard copy, kadalasan ay pansamantala lamang.
- b. Gumagawa kami ng mga hakbang upang protektahan ang personal na impormasyong hawak namin. Maaaring kabilang sa mga hakbang ang pisikal na seguridad, mga kontrol sa pag-access, encryption, ligtas na pag-iimbak, pagsasanay ng mga kawani, at mga kontraktwal na obligasyon para sa mga service provider.
- c. Gayunpaman, walang pagbabahagi ng impormasyon online ang 100% na ligtas. May mga paraan na makakatulong ka sa pagpapanatili ng privacy ng iyong personal na impormasyong ibinahagi online, kabilang ang:
- d. palaging isara ang iyong browser kapag natapos mo na ang iyong user session;
- e. palaging tiyakin na hindi ma-access ng iba ang iyong personal na impormasyon at mga email kung gumagamit ka ng pampublikong computer; at
- f. huwag kailanman ibunyag ang iyong username at password sa mga third party.
- g. I-a-archive at itatago namin ang personal na impormasyong hawak namin gaya ng pinahihintulutan o kinakailangan ng batas o kung kinakailangan upang matugunan ang mga klinikal at operasyonal na pangangailangan.

11. Mga Resource ng Third Party

- a. Ang aming Website ay maaaring maglaman ng mga link sa mga website, app, serbisyo o iba pang resource ng third-party (**Third Party Resources**). Ang pagsasama ng mga Third Party Resource ay hindi nangangahulugan na ine-endorso namin ang nilalaman o mga serbisyong inaalok ng mga nauugnay na third party. Ang mga Third Party Resource na ito ay wala sa ilalim ng aming kontrol at hindi kami responsable para sa mga kasanayan sa privacy na ginagamit ng mga third party na iyon. Ang mga third party na iyon ay responsable para sa kanilang sariling mga kasanayan sa privacy. Bago ibunyag ang iyong personal na impormasyon kapag gumagamit ng anumang Third Party

Resource, inirerekomenda naming basahin mong mabuti ang mga tuntunin at kundisyon ng paggamit at patakaran sa privacy ng bawat Third Party Resource na iyong ginagamit.

12. Pag-access at pagwawasto ng iyong personal na impormasyon

- a. Maaari kang humiling ng access sa iyong personal na impormasyon na hawak namin. Tutugon kami sa anumang ganoong kahilingan sa loob ng makatwirang panahon. Kakailanganin naming i-verify mo ang iyong pagkakakilanlan bago ka bigyan ng access sa iyong personal na impormasyon. Maaari kaming tumanggi sa pag-access sa mga limitadong pagkakataon na pinahihintulutan ng batas, at kung kami ay tumanggi, magbibigay kami ng mga nakasulat na dahilan at impormasyon kung paano ka makakapagreklamo. Maaari kaming maningil ng bayad para sa access kung saan pinahihintulutan ng batas, ngunit hindi para sa paggawa ng kahilingan.
- b. Maaari kang humiling ng pagwawasto ng iyong personal na impormasyon kung naniniwala kang ito ay hindi tumpak, lipas na, hindi kumpleto, hindi nauugnay, o nakaliligaw. Kung tumanggi kaming itama ang impormasyon, magbibigay kami ng mga nakasulat na dahilan at impormasyon kung paano ka makakapagreklamo. Kung itatama namin ang personal na impormasyon na ibinunyag namin sa ibang entity, maaari mo kaming hilingin na abisuhan ang entity na iyon tungkol sa pagwawasto.
- c. Ang aming mga detalye sa pakikipag-ugnayan para sa paghiling ng access sa o pagwawasto ng iyong personal na impormasyon ay nakasaad sa seksyon 13 sa ibaba.

13. Paano kami makokontak (kasama na kung mayroon kang reklamo)

- a. Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa aming pangongolekta, paggamit, pagbubunyag, o pamamahala ng iyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan:
 - i. sa pamamagitan ng email sa:
privacyofficer@medicarementalhealthcheckin.gov.au
 - ii. sa pamamagitan ng sulat sa:
Pangalahatang Tagapamahala ng Grupo, Mga Gawaing Pampubliko
at Pangalahatang Tagapayo
St Vincent's Health Australia
Level 22, 100 William Street
WOOLLOOMOOLOO NSW 2011
 - iii. sa pamamagitan ng telepono sa (02) 9367 1100.
- b. Kung nais mong maghain ng reklamo tungkol sa isang di-umano'y paglabag sa Privacy Act, hinihiling namin na ipadala mo sa amin ang iyong reklamo nang nakasulat sa email

Mental Health Check In

o address na nakasaad sa itaas. Nagsisikap kaming tumugon sa mga reklamo sa loob ng makatwirang panahon (karaniwan ay 30 araw). Kung hindi ka nasiyahan sa aming tugon, maaari kang maghain ng reklamo sa Office of the Australian Information Commissioner gaya ng inilalarawan sa kanilang website na www.oaic.gov.au.